



vegetablegardener.com



GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG PIPINO



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Maaari itong itanim anumang buwan kahit saang lugar sa Pilipinas at nangangailangan ng mabuhanging-banlik na may sapat na dami ng organikong bagay. Ang pH ng lupa na angkop ay 6.5-7.7.

PAGPILI NG BINHI

Ang mga uri ng pipino ay ang mga sumusunod: *Slicing*, *Pickling*, at *English*. Mayroon ding *Lebanese*, *East Asian*, *Persian*, *Beit Alpha*, *Apple*, *Dosakai*, *Kekiri* at *C-thru-cumber*. Ayon sa pag-aaral ng DOST-PCAARRD, ang mga bagong binhing akma sa organikong produksyon ay ang 1076, 1081, 1082, 1084, 1085, 11617, 11621, at 11622.



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman ng dalawang beses at gumawa ng mga tudling na may pagitan na 0.75 m. Maglagay ng binulok na dumi ng hayop (3-5 tonelada kada ektarya) sa mga tudling at haluing maigi sa lupa. Maghukay ng mga butas na may pagitan na 30 cm.



vasakiiberica.com

Itinanim ang pipino (*Cucumis sativus L.*) para sa mga murang bunga nito na ginagawang salad o binuro. Nagtataglay ito ng *cucurbitacins* at mga *lignans* na *pinosinol*, *larciresinol*, at *secoisolariciresinol* na nakakatulong upang malabanan ang sakit na kanser. Maliban sa bitamina K, *molybdenum*, at *pantothenic acid*, mahalagang mapagkukunan din ito ng bitamina C, beta-carotene, at manganese na nagsisilbing *antioxidants*.



PAGTATANIM

Nasa 3 kg ng buto ang kailangan para sa isang ektarya. Basain ang mga ito nang magdamag para sa magkakaparehong pagsibol. Pagkatapos ay patuyuin ang mga buto sa hangin. Magtanim ng 2-3 na buto sa mga butas/tundos sa lalim na 1 cm. Takpan ang bawat tundos ng manipis na lupa at dayami. Tanggalin ang dayami pagkalipas ng 3 araw. Bunutin ang mga sobrang punla at magtira lamang ng dalawang punla bawat tundos.

Maglagay ng balag sa mga tudling pagkasibol ng mga buto. Gumamit ng ipil-ipil bilang poste sa pagitan na 3 m at pagdugsungin ang mga ito ng kawad na yero sa ibaba, gitna, at taas. Magtali ng abaca o plastic na tali pahalang sa kawad na yero mula sa pinakataas upang magsilbing suporta sa lumalagong halaman. Pagapangin ang mga baging ng pipino bawat 2 na araw.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com
rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





PANGANGALAGA

Haluan ng binulok na dumi ng hayop (3-5 tonelada kada ektarya) ang taniman 2 linggo bago ang pagtatanim. Maaaring mag-aplay ng *manure tea* at *fermented plant juice* (FPJ), *fermented fruit juice* (FFJ), *fish amino acid* (FAA), at *calcium phosphate* kada linggo bilang *foliar* na abono.

Nangangailangan ng masaganang tubig ang pipino sa buong panahon ng taniman. Subalit iwasan ang pagtigil ng tubig ng matagal. Siguraduhin ding malinis ang tubig na ipandidilig.

Damuhan ang taniman upang maiwasan ang kompetisyon sa araw at sustansya ngunit magtira ng damo na may tiyak na taas sa pagitan ng mga tudling. Ang paglalagay ng mulch ay nakakatulong upang maiwasan ang pagdami ng damo at mapanatili ang pagkabasa ng lupa.



PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang mga peste ng pipino ay uwang (*Aulacophora similis*), dapulak (*Aphis gossypii*), langaw (*Bactrocera cucurbitae*), at uod (*Spodoptera litura*). Mag-spray ng tinunaw na sabong 'Perla' (4 na kutsara sa 16 L ng tubig) upang makontrol ang mga uwang. Para naman sa dapulak, mabisa ang pinaghalong katas ng sili (100 g dinurog na sili sa 16 L ng tubig) at sabon. Ang paglalagay ng bitag na may *methyl eugenol* o pinaghalong tuba at *molasses* (2 parte ng tuba sa isang parte ng molases) ang nakakatulong sa pamamahala sa langaw samantalang pag-spray ng nabibiling *Bacillus thuringiensis* (Bt) ang maaaring gawin para mapuksa ang mga uod.

Karaniwang sakit ng halaman ang *cucumber mosaic virus* (CMV), amag, at pagliit ng dahon. Ang pagtatanggal ng mga dahong maysakit ang kailangang gawin upang maiwasan ang pinagmulan ng mga mapaminsalang mikroorganismo. Para sa amag, mag-spray ng *compost tea* (isang parte sa 20 parte ng tubig).



uwang o cucumber beetle



uod o cutworm



cucumber mosaic virus



amag o downey mildew



PAG-ANI

Anihin ang mga murang bunga 35-38 araw pagkasibol. Ang mga klaseng binuburo ay kailangang anihin ng 3-5 araw nang mas maaga. Mag-ani ng 3-4 na beses kada linggo at tanggalin ang mga bungang sira o may kakaibang laki at hugis upang mahimok ang pagkabuo ng mas maraming bunga.

REFERENCES

Narciso JO, Guevarra MLD, Rodulfo GS. Cucumber Production Guide (Pulyeto). Petsa ng Pagdownload: Setyembre 09, 2015 mula sa <http://invest.cfo.gov.ph/part3/PCCARD/cucumber-prod.html>.

Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development. 2014. Organic Pole Sitao Production (Pulyeto). PCAARRD Information Bulletin No. 42.

2015. The world's healthiest foods: Cucumbers. The George Mateljan Foundation. Petsa ng pagdownload: Setyembre 09, 2015 mula sa <http://www.whfoods.com>.

Ang mga impormasyon sa babasahing ito ay hindi pagmamay-ari ng PhilRice. Ang mga ito ay maaaring kinuha ng buo o isinalaysay sa sariling paliwanag mula sa pinaghalawan.

Ang *copyright* ay mananatili sa orihinal na pinaghalawan.